KWAME RAOUL
ILLINOIS ATTORNEY GENERAL

# Pilas ng Katotohanan Ukol sa Mga Krimeng may kaugnayan sa Pagkamuhi

## Ano ang krimen na may kaugnayan sa pagkamuhi?

Ang krimen na may kaugnayan sa pagkamuhi ay isang paglabag kung saan ang isang tao o grupo ng tao ay tinatarget dahil sa kanilang aktwal o pinaghihinalaang pagkakakilanlan. Ang batas ng Illinois para sa mga krimen na may kaugnayan sa pagkamuhi ay pinoprotektahan ang mga tao na tinatarget batay sa kanilang katangian gaya ng lahi, kulay, relihiyon, kasarian, oryentasyong sekswal o pisikal o mental na kapansanan.

## Anu-ano ang halimbawa ng mga krimen na may

Sa ilalim ng batas ng Illinois, anuman sa sumusunod ay maaaring krimen na may kaugnayan sa pagkamuhi kung nangyari batay sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, oryentasyong sekswal o pisikal o mental na kapansanan ng isang tao:Agresión de palabra o agresión de obra

- Pag-atake o pambubugbog
- Pagnanakaw
- Pananakot (pagbabanta)
- Lihim na pagbuntot o pagsubaybay gamit ang internet
- Panliligalig gamit ang telepono, email, social media, o pagpapadala ng mga malaswang mensahe gamit ang telepono
- Nakakasagabal o nakakasira ng pag-aari
- Hindi maayos na pag-uugali o pagkilos ng manggugulo

## Kanino ako makikipag-ugnayan kung naniniwala ako na nakaranas ako o nakasaksi (nakita) ng krimen na may kaugnayan sa

**Nagpapatupad ng batas:**

- Kontakin ang 911 o ang iyong lokal na kagawaran ng pulisya at maghain ng ulat sa pulisya.
- Sabihin sa kanila na naniniwala ka na ito ay isang krimen na may kaugnayan sa pagkamuhi. Kung kaya, sabihin mo sa kanila kung bakit naniniwala ka na ito ay udyok ng pagkamuhi.
- Ang ilang mga ahensya ng nagpapatupad ng batas ay may mga espesyal na yunit upang siyasatin ang mga krimen na may kaugnayan sa pagkamuhi, gaya ng:
    - Hotline ng Diskriminasyon ng Serip ng Cook County (tumawag sa 773-674-HELP o 773-674-4357)

**Pangunahing Abugado ng Illinois:**

- Ang Pangunahing Abugado ng Illinois ay maaaring makapagdala ng isang sibil na demanda, sa ngalan ng Estado, laban sa isang tao na gumawa ng isang krimen na may kaugnayan sa pagkamuhi.
- Upang iulat ang mga insidente o diskriminasyon na na-udyok ng pagkamuhi, kontakin ang numero ng Karapatang Sibil ng Pangunahing Abugado ng Illinois sa 877-581-3692. Magagamit ang mga serbisyo sa pagsasalin.

## Anong tulong ang magagamit para sa isang tao na nakaranas ng isang krimen na ginawa dahil sa pagkamuhi?

**Mga serbisyo para sa biktima ng krimen na may kaugnayan sa pagkamuhi:**

- Ang mga residente ng Chicago ay maaaring tumawag sa numero ng Komisyon ng Relasyong Pantao ng Lungsod ng Chicago (CCHR, para sa akronim nito sa Ingles) - Tulong sa Biktima ng Krimen na may Kaugnayan sa Pagkamuhi sa 312-744-4874.

  Nag-aalok ang CCHR ng tulong, suporta, at mga referral para sa mga biktima ng krimen na may kaugnayan sa pagkamuhi, kabilang ang tulong na iulat sa pulisya at pagsama sa mga pagdinig sa korte.

- Ang programa ng Bayad sa Mga Biktima ng Krimen ng Opisina ng Pangunahing Abugado ng Illinois ay maaaring magbigay ng pinansiyal na tulong sa mga biktima ng krimen, kabilang ang krimen na may kaugnayan sa pagkamuhi.

  Maaari kang mag-aplay ng tulong pinansiyal sa pamamagitan ng pagtawag sa linya ng tulong sa 800-228-3368 o gamitin ang online form sa www.IllinoisAttorneyGeneral.gov/cvcapply

## Mayroon bang ligal na tulong para sa isang tao na maaaring target ng krimen na may kaugnayan sa pagkamuhi?

**Indibidwal na tulong sa batas:**

- Kung ikaw ay biktima ng krimen na may kaugnayan sa pagkamuhi, mayroon kang karapatan na maghain ng demandang sibil laban sa (mga) tao na gumawa sa krimen.
- Maaari kang makahanap ng abugado sa pamamagitan ng State Bar Association ng Illinois sa pagtawag sa 800-922-8757 o pagbisita sa https://www.isba.org/public/illinoislawyerfinder
- Kung hindi mo kayang bayaran ang isang abugado, maaari kang makahanap ng ilang mga mapagkukunang ligal na tulong sa website ng Pangunahing Abugado sa: https://illinoisattorneygeneral.gov/about/probono.html

Para sa karagdagang impormasyon kontakin ang Kawanihan ng Karapatang Sibil ng Pangunahing Abugado ng Illinois sa 877-581-3692. Magagamit ang mga serbisyo sa pagsasalin.

Pangunahing Abugado ng Illinois

| **Chicago** | **Springfield** | **Carbondale** | **TTY** |
|---|---|---|---|
| 312-814-3000 | 217-782-1090 | 618-529-6400 | (TTY) 800-964-3013 |

www.IllinoisAttorneyGeneral.gov